

Habang kayo ay naninirahan dito sa bansang Hapon maaring parati kayong nag-aalala kung kayo ay sakaling magkasakit ay papaano ang pagpapagamot sa ospital, magkano kaya ang babayaran at iba pang alalahanin. Huwag mag-alala! Maari kayong mag-apply sa National Health Insurance para sa inyong kalusugan at ng inyong pamilya.

Para sa kalusugan ng pamilya

Mag-apply para sa National Health Insurance (NHI)

National Health Insurance Systems ay isang pampublikong sistema ng insurance para matulungan ang mga mamamayan sa pagbayad ng mga gastusing medikal at pagpapagamot.

Paano kumuha?
Kung kayo ay nakarehistro at maaring manirahan dito sa Japan ng isang taong o mas mahaba, maari kayong mag-apply. Dalahin ang alien registration card sa pag-apply.

Hindi kayo makakuha ng NHI kung :
Kung kayo ay nakapasok sa insurance bilang empleyado.
Kung tumatanggap ng suporta sa munisipyo

Dapat bang lahat ng miyembro ng pamilya ay mag-aaaply?
Ang sinumang tumatayong padre de pamilya ang siyang mag-aapply at magbabayad. Ang sertipiko ay nasa pangalan ng nagbabayad o maari ding may konya ang hawat miembro.

Ang nakasulat na mga pangalan ng mga miembro.
Ang mga miyembro ng pamilya ay nakatira sa isang bahay at namumuhay sa isang pinagkakakitaan. Kung ang ibang miembro ay may trabaho, sila ay ibubukod na.

Ang babayaran
Kung kayo ay may NHI, 30% ng sumatotal (edad 3 ~ 69), 20% (batang wala pang 3 taon), 10%~20%(edad 70 pataas). Kung wala kayong NHI, babayaran ninyo ang 100% ~ 500% ng sumatotal.

Kung may problema sa pagbabayad,
Maari ninyong bayaran ng installments. Maari din kayong makakuha ng exemption kung talagang maliit ang inyong kinikita. Magkunsulta lamang sa inyong munisipyo .

Maari bang gamitin ang NHI sa lahat ng klase ng sakit?
Maaring magamit ang NHI maliban sa sumusunod :

plastic surgery, medical examination, mga pagbabakuna normal na panganganak, abortion, abortion sa dahilang ekonomikal
Kung kayo ay nagkasakit o naaksidente sa trabaho
Kung kayo ay nakapasok sa insurance ng kompanyang pinapasukan.
Pagkakasakit o aksidente dahil sa pakikipag-away .

Mga serbisyong maaring matanggap .
Suporta o allowance sa panganganak at pag-aalaga
Suporta para sa pagpapalibing
Gastos sa transportasyon
Bayad para sa pagpapapunta ng nars atbp.


Para sa iba pang impormasyon, kontakin lamang ang munisipyo.

Contact information

Fujimi-shi
Insurance and Pension
Section : tel.049-251-2711
Fujimino-shi
National Insurance and Medicare
Section : tel.049-261-2811
Miyoshi-machi
Resident Affairs
Section : tel.049-258-0019

INFORMATION

Ang nirebisong Road Traffic Law ay nagsisimula na noong June 1. Panandaliang pagpaparke ay huhulihin na rin. Alamin ang bagong regulasyon!



Paghihigpit sa illegal na pagpaparke ng mga sasakyan.

1 Mga pulis at pribadong warden ay naghihigpit sa ilegal na pagpaparke.

Ang pribadong warden ay may parehong awtorisasyon kagaya ng mga pulis. Naka-uniporme sila na may logo ng "SAITAMA PREFECTURAL POLICE" at "PARKING WARDEN". Hinuhuli nila ang mga illigal na nakaparkeng sasakyan at dinidikitan ng yellow sticker ang sasakyan bilang kumpirmasyon ng paglabag sa batas at pagmumulta.

Multa sa illegal na pagpaparke sa designadong mga lugar:

		Malaking sasakyan at Ordinaryong sasakyan may Traction	Ordinaryong sasakyan	Malaki at ordinaryong sasakyan · Maliit at espesyal na uri ng sasakyan · Motorsiklo na may 50 cc o mababa
Pagpaparke ng sasakyan na walang nakasakay	Bawal magparke at tumigil na mga lugar	25,000	18,000	10,000
	Bawal ang magparke na mga lugar	21,000	15,000	9,000
Pagtitigil ng sasakyan sa mga lugar na pinagbabawal	Bawal ang magparke na mga lugar	12,000	10,000	6,000


2 Ipapadala ang notisya ng pagmumulta sa may ari ng sasakyan kung ang driver ay hindi nagkukusang magbayad.

Kung ang sasakyan ay nadikitan ng yellow sticker kailangang magbayad ng multa ang driver. Subalit kung hindi mahanap ang driver o ayaw magbayad, ang may ari ang sisingilin.

3 Paghihigpit sa mga naglalabag ng regulasyon o violators

1. Pagpapatigil pansamantala ng paggamit ng nahuling sasakyan kung ang multa ay hindi binabayaran o maraming beses na pag-uulit ng paglalabag ng regulasyon.
2. Hindi pagkalooban ng panibagong vehicle inspection certificate kung di babayaran ang multa.
3. Kung ayaw magbayad ng multa ng driver o may-ari, ang sasakyan ay madidisipalko.

[Paghihigpit sa bawal na pagpaparke ay nagsimula na Mag-ingat sa pagpaparke]



Mag-aral tayo para sa Japanese language proficiency test!

Dumarami ang nagnanais kumuha ng pagsusulit ng Nihongo o Japanese Language Proficiency Test. Kung nais sumali sa paghahasa para makapasa (ika-2 at ika-3 level) ang "Fujimi Japanese circle" ang namamahala sa training class at pag-aaral.

K a i l a n : July 8, 2006 (Sat) 13:30 ~ 16:30

Saan: Tsuruse-nishi koryu center, Fujimi-shi
049-251-2791